



NEWSLETTER

Marso



Hindi ito suwerte, isa itong plano.



SA BUWAN NG MARSO, HINIHIKOK KAYO NG DEPARTAMENTO SA PANGANGASIWA SA EMERGENCY NG LUNGSOD NG LOS ANGELES NA ISAMA SA PLANO NG PAGIGING HANDA ANG INYONG MGA ALAGANG HAYOP AT PAGSASANAY SA KALIGTASAN SA BAHA AT TSUNAMI.

KALIGTASAN SA BAHA



Ang pagbaha ay isang pansamantalang pag-apaw ng tubig sa ibabaw ng lupa na karaniwang natutuyo. Ang mga pagbaha ay ang mga karaniwang sakuna sa Estados Unidos. Ang hindi paglikas sa mga lugar na binabaha o ang pagpasok ng tubig-baha ay maaaring magdulot ng pinsala o pagkamatay. HUWAG maglakad, maglangoy o dumaan sa mga tubig-baha. Bumalik. Huwag Magpakalunod!

Mahalagang malaman ang pagkakaiba sa pagitan ng paunawa sa pagbaha, pagbabantay at babala. **Tingnan sa ibaba ang higit pang impormasyon.**

PAGBABANTAY SA PAGBAHA

Maging handa!
Ang Pagbabantay sa Pagbaha ay ibinibigay kapag ang mga kondisyon ay naaayon sa pagbaha. Hindi ito nangangahulugan na maaaring maganap ang pagbaha, pero posible.

PAUNAWA SA PAGBAHA

Panatiliing May-alam!
Ang Babala sa Pagbaha ay ibinibigay kapag ang pagbaha ay hindi inaasahang magiging masama upang magbigay ng babala. Gayunpaman, maaari itong magdulot ng malaking abala, at kung hindi gagawin ang pag-iingat, maaari itong humantong sa mga sitwasyon na maaaring magbanta sa buhay at/o ari-arian.

BABALA SA PAGBAHA

Kumilos!
Ang Babala sa Pagbaha ay ibinibigay kapag ang mapanganib na kaganapan ay nalalapit o nangyayari na.

Pinagkunan: [National Weather Service](#)

LINGGO NG KAHANDAAN SA TSUNAMI

Ang lahat ng Taga-California ay hinihimok na magplano at magrehistro sa mga aktibidad ng #TsunamiPrep (sa trabaho, paaralan, at tahanan) para mapabilang na bahagi ng 2024 na Linggo ng Kahandaan ng Tsunami sa California (Marso 23 - 31) o kahit anong araw ng taon!

Upang manatiling ligtas, mahalagang maunawaan ang mga palatandaan ng isang potensyal na tsunami, tulad ng isang lindol, isang malakas na dagundong mula sa karagatan, o hindi pangkaraniwang pag-uugali ng karagatan, tulad ng biglaang pagtaas o pader ng tubig o biglaang pagkatuyo ng tubig na nagpapakita ng sahig ng karagatan.


Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang tsunamizone.org

ALAM MO BA?

ANG MGA TSUNAMI AY MAAARING MAGLAKBAY NG 20-30 MILYA KADA ORAS NA MAY ALON NA 10-100 TALAMPAKAN ANG TAAS.

ANG MGA ITO AY MAAARING MAGDULOT NG PAGBAHA AT PAGKASIRA NG TRANSPORTASYON, KURYENTE, KOMUNIKASYON AT SUPLAY NG TUBIG.

KAPAG MALAYO ANG PINANGGAGALINGAN, MGA ILANG ORAS PA ANG ITATAGAL BAGO DUMATING ANG ALON; KUNG MALAPIT, AABUTIN LAMANG ITO NG ILANG MINUTO.



Huwag hayaang walang plano sa kahandaan ang alagang hayop.

Pakabitan ng microchip ang alaga mo

Tiyaking updated ang iyong adres at numero ng telepono at isama ang impormasyon ng kontak para sa kontak ng emergency sa labas na malapit sa iyong lugar.

Kumuha ng larawan mo at ng iyong alagang hayop nang magkasama.

Ingatan ang larawan mo at ng iyong alagang hayop na magkasama sakaling magkahiwalay kayo ng iyong alagang hayop sa oras ng emergency. Makakatulong din ito sa pagdodokumento ng pag-aari at pahintulutan ang iba na makilala ang iyong alagang hayop.

ANG PAGIGING HANDA AY MAS MABUTI SA PAGIGING SUWERTE!



Maghanda ng emergency supply kit para sa iyong (mga) alaga.

- Ekstrang collar na may ID tag
- harness, tali, hawla o matibay na lalagyan
- pagkain at tubig
- anumang kinakailangang gamot
- mga suplay sa pag-aayos.
- first aid kit
- sanitation needs

